

Protokol para sa Pagbubukas ng mga Tingiang Establisimento para sa Isinapersonal na Pamimili: Appendix B

Kamakailang mga pagbabago: (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

12/26/20:

- Bilang pagsunod sa Pangrehiyong Pananatili sa Bahay na Utos ng Estado na inilabas noong Disyembre 3, 2020, at epektibo 11:59 PM (PST) ng Disyembre 6, 2020 at hanggang sa karagdagang abiso, ang lahat ng mga shopping center ay dapat na:
 - Limitahan ang pag-okupa ng 20% ng pangkalahatang kapasidad ng gusali. Ang pag-okupa ay batay sa Code ng Gusali.
 - Magpatupad ng isang sistema para sa pagsusubaybay ng pag-okupa.
 - Pagbawalan ang mga kostumer na komunsumo ng pagkain o inumin sa loob ng establisimento.
 - Magpasimula ng mga espesyal na oras para sa mga matatanda (seniors) at ibang mga tao na may malubhang kondisyon o nakumpromisong mga immune system.
- Ang mga pantakip sa mukha ay dapat na isuot ng mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko, kabilang ang mga kubiko na nilagyan ng mga partiyon. Ito ay isang pansamantalang hakbang bilang pagtupad sa pansamantalang UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN na inilabas noong Nobyembre 28, 2020. Ang pag-aatas (requirement) ay epektibo mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang sa karagdagang abiso.
- Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, ang mga empleyado ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa ibang mga tao at dapat na gawin ito pag nasa labas, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom).

11/19/20: Ang lahat ng mga hindi kinakailangang (non-essential) negosyo ay dapat na sarado para sa personal na mga operasyon ng tingi sa pagitan ng mga oras na 10:00 p.m. hanggang 5:00 a.m. Ang negosyo ng tingi ay maaaring manatiling bukas para sa paghahatid (delivery) at tabing kurbadang pick-up sa mga oras na sarado para sa personal na operasyon.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay magpapatupad ng isang niyugtuang pamamaraan, na suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, para pahintulutan ang ilang mga tingiang negosyo na ligtas na magbukas muli.

Ang mga Negosyo ng Tingi na may Mas Mababang Panganib, maliban sa mga tinukoy bilang kinakailangan (essential) alinsunod sa Talata 18 ng Mas Ligtas na Muling Pagbubukas sa Trabaho at sa Komunidad para sa Pagkontrol sa COVID-19 na Utos (Order) ng Opisyal ng Kalusugan, ay dapat na sarado para sa personal na operasyon ng tingi sa pagitan ng mga oras na 10:00 PM hanggang 5 :00 AM. Ang negosyo ng tingi ay maaaring manatiling bukas para sa paghahatid (delivery) at tabing kurbadang pick-up sa mga oras na sarado para sa personal na operasyon.

Ang mga Negosyo ng Tingi ay dapat na limitahan ang pag-okupa ng 20% ng kanilang pinakamaraming pag-okupa alinsunod sa Pangrehiyong Pananatili sa Bahay na Utos ng Estado na inilabas noong Disyembre 3, 2020 at epektibo 11:59 PM (PST) ng Disyembre 6, 2020 hanggang sa karagdagang abiso. Ang pag-okupa ay batay sa Code ng Gusali.

Mangyaring tandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring magbago kung sakaling may mga karagdagang impormasyon at sanggunian na makukuha kaya tandaan na laging tumingin sa website ng Los Angeles County <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang pagbabago sa dokumentong ito

Ang checklist na ito ay sumasakop sa mga

- (1) Patakaran at mga kasanayan upang maprotektahan ang kalusugan ng mga empleyado
- (2) Mga hakbang upang masiguro ang pisikal na pagdidistansiya
- (3) Mga hakbang upang masiguro ang pagkontrol sa impeksyon
- (4) Pakikipag-usap sa mga empleyado at sa publiko
- (5) Mga hakbang upang masigurado ang pantay na pagkakataon sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahing bahagi na ito ay dapat na matugunan habang ang iyong pasilidad ay bumubuo ng anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Lahat ng mga negosyo na sakop ng gabay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng nararapat na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung hindi ipinatupad ang isang hakbang na hindi naaangkop sa nasabing negosyo.

Pangalan ng Negosyo: _____

Address ng Pasilidad: _____

Pinakamarami na Pag-okupa, kada Code ng Gusali: _____

Petsa ng Pagpaskil: _____

A. PATAKARAN AT MGA KASANAYAN SA MGA LUGAR NG TRABAHO UPANG MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG MANGGAGAWA (I-TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP SA PASILIDAD)

- Lahat ng maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay ay inatasan na gawin ito.
- Ang mga bulnerableng kawani (iyong mga mas matanda pa sa 65 taong gulang, iyong mga may malalang kondisyon ng kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay hangga't maaari.
- Lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung sila ay may sakit. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng DPH para sa sariling pagbubukod, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- Ang mga manggagawa ay binigyan ng impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng bakasyon na

tinaguyod ng tagapag-empleyo o ng pamahalaan na maaring may karapatang makatanggap ang empleyado na gawing mas madali ang pananalapi na manatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon tungkol sa [mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19](#), kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng [Families First Coronavirus Response Act](#) at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagkakaugnay sa trabaho ng COVID-19 na pagkakatantad na nagaganap sa pagitan ng Marso 19 at Hulyo 5 alinsunod sa [Executive Order N-62-20](#) ng Gobernador.

- Ang mga proseso ng trabaho ay isinaayos sa pinakaposibleng paraan upang madagdagan ang mga pagkakataon para sa mga empleyado na makapagtrabaho mula sa bahay.
- Kung nalaman na isa o ilan sa mga empleyado ay positibo o may sintomas na katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo (employer) ay may plano o protokol na nakahanda na ipatupad upang abisuhan ang mga may kaso na ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at gawin ang kinakailangan na agarang pagbubukod sa sarili ng lahat ng mga empleyado na nalantad sa lugar ng trabaho kasama ng mga may kaso. Ang plano ng amo (employer) ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol upang ang lahat ng mga nakabukod na mga empleyado ay may akses o pagkakataon upang masuri sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang pagkakatantad sa lugar ng trabaho, maaaring nangangailangan ng karagdagang hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. [Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.](#)
- Ang [mga pagsusuri sa empleyado](#) (employee screenings) ay maaaring isagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang pagkalat na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip sa mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partiyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- Bilang pagtupad sa **UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID 19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS (NG KASO)** na inilabas noong Nobyembre 28, 2020, ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga pantakip ng mukha sa lahat ng oras **maliban kung nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag**

kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong partiyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga sa panahong epektibo ang pansamantalang utos, mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang sa karagdagang abiso.

- Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga; at
 - Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pagpapahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na anim na talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyak ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partiyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya
- Ang mga empleyado ay inatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha.
- Ang mga amo o employer ay dapat na isaalang-alang kung saan ang patapon na guwantes ay maaaring maging kapaki-pakinabang para suplementuhan ang madalas na paghuhugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer; mga halimbawa ay para sa mga empleyado na sinusuri ang ibang tao para sa mga sintomas o paghahawak ng mga karaniwang bagay na nagagalaw.
- Ang lahat ng puwesto ng trabaho ay dapat na may agwat nang hindi bababa sa anim na talampakan.
- Ang mga lugar ng pagbabahagi (para sa pagkuha sa tabing bangketa), silid sa panandaliang pamamahinga, banyo, at iba pang mga karaniwang lugar ay dinidisimpekta **oras-oras**, ayon sa sumusunod na oras:
 - Lugar ng pagbabahagi _____
 - Silid sa panandaliang pamamahinga _____
 - Banyo _____
 - Iba pa _____
- Bilang pagsunod sa mga regulasyon ng pasuweldo at oras, ang mga panandaliang pamamahinga ay salitan upang masigurado ang anim (6) na talampakan na paglalayo ng mga empleyado sa silid sa panandaliang pamamahinga ay napapanatili sa lahat ng oras.
- Ang mga pandisimpekta at iba pang kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa mga

sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang mga hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

 - Ang mga empleyado ay pinapayagan na magkaroon ng madalas na pagtigil sa trabaho para makapaghugas ng kamay.
 - Ang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi sa bawat empleyado.
 - Hangga't maaari, ang bawat manggagawa ay binigyan ng kanilang sariling mga kasangkapan, kagamitan at tukoy na puwesto ng trabaho. Ang pagsasalo ng mga gamit ay nabawasan o inalis na.
 - Ang mga manggagawa ay binibigyan ng oras sa kanilang mga trabaho upang tuparin ang mga gawi sa paglilinis. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay dapat na italaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng mga tungkulin sa trabaho ng empleyado.
 - Lahat ng patakaran na nakasaad sa listahan na ito maliban sa may kaugnayan sa pagtatakda sa pagtatrabaho ay ipinatutupad sa mga kawani na naghahatid (delivery) at iba pang kompanya na maaaring nasa lugar bilang mga ikatlong partido .
 - Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang:
-

B. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- Ang bilang ng mga kostumer sa isang panloob na tingiang tindahan (indoor retail store) ay sapat na mababa para masiguro ang pisikal na pagdistansya ngunit walang kaso na higit sa 25% ng pinakamarami na pag-okupa (maximum occupancy) ng kapasidad ng tingiang tindahan.
Pinakamaraming bilang ng mga kostumer sa pasilidad ay limitado sa: _____
 - Ang tingiang tindahan ay sinusubaybayan ang lahat ng mga pasukan upang malaman kung gaano karami ang mga tao. Kung saan maaari, magkaloob ng isang malinaw na itinalagang pasukan at hiwalay na labasan upang makatulong sa pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
 - Maghanda na papilahin ang mga kostumer sa labas habang pinananatili ang pisikal na distansya, kabilang ang paggamit ng mga nakikitang palatandaan. Kung kinakailangan, ang isang empleyado (o mga empleyado kung may higit sa isang pasukan) na may suot na telang pantakip sa mukha ay maaaring magbantay malapit sa pintuan ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa pinakamalapit na mga kostumer para masubaybayan kung gaano karaming tao at sabihan ang mga kostumer na pumila na may anim na talampakang layo sa isa't isa sa labas ng pasukan kung ang establisyemento ay naabot na ang kanyang hangganan ng karaming tao.
 - Ipinatupad ang mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga empleyado at kostumer. Maaaring kasama rito ang paggamit ng pisikal na panghiwalay o mga nakikitang palatandaan (hal., mga marka sa sahig, de-kulay na teyp, o mga palatandaan na nagpapahiwatig kung saan dapat tumayo ang mga manggagawa at/o mga kostumer).
 - Magkaloob ng iisang, malinaw na itinalagang pasukan at hiwalay na labasan para makatulong sa pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya kung saan maaari.
 - Gumawa na ng mga hakbang sa mga estasyon ng bayaran para pababain ang pagkalantad sa pagitan ng mga kahera at kostumer, tulad ng mga harang na Plexiglass. Ang mga sign o palatandaan ay ipinaskil malapit sa mga pasukan, mga daanan at bayaran para ipaalala sa mga kostumer ang pisikal na pagdistansya.
-

- Ang teyp o iba pang mga marka ay kinikilala ang parehong lugar ng pagsisimula para sa mga kostumer na pumapasok sa pila ng bayaran at 6 na talampakang agwat para sa mga susunod na kostumer na papasok sa pila.
- Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga kostumer, at mula sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng tindahan. Maaaring saglit na lumapit ang mga empleyado kapag kailangan para tumanggap ng bayad, magdeliber ng mga paninda o serbisyo, o kung kinakailangan.
- Ang mga banyo para sa empleyado ay hindi magagamit ng kostumer.
- Ang mga puwesto sa trabaho ay nakahiwalay ng hindi bababa sa anim (6) na talampakan at ang mga pangkaraniwang lugar ay isinaayos para limitahan ang pagtitipon ng mga manggagawa at masigurado ang pisikal na pagdidistansiya nang hindi bababa sa anim (6) na talampakan.
- Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms) at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay kinumpigura upang limitahan ang mga pagtitipon ng empleyado para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan. Kung saan maaari, ang panlabas na mga lugar para sa panandaliang pamamahinga na may lilim at upuan ay nilikha para tulungang masiguro ang pisikal na pagdistansya. Bilang pagsunod sa mga regulasyon sa pasuweldo at oras, ang mga panandaliang pahinga sa trabaho ng empleyado ay salitan upang makatulong na mapanatili ang mga protokol sa pisikal na pagdistansya
- Ang mga iniutos sa pisikal na pagdistansya ay ipinatutupad sa mga lugar ng pagkakarga (loading bays) at ang mga walang kontak na pagpirma ay ipinatupad na para sa mga paghahatid.
- Ang mga drayber ng trak na hindi empleyado, mga ahente sa paghahatid, o mga nagtitinda na kailangang pumasok sa mga lokasyon ng tingi ay dapat na magsuot ng telang pantakip sa mukha.

C. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Ang HVAC system ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Isaalang-alang ang pagkakabit ng epektibong mga naglilinis ng hangin, pagtaas sa mga uri ng filter ng hangin ng gusali sa pinakamahusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo.
- Ang mga sistema ng pagbayad na walang kontak ay naisaayos na, at kung hindi magagawa, ang mga sistema ng pagabayad ay regular na nililinis. Ilarawan:

- Ang mga pangkaraniwang lugar at mga bagay na madalas na mahawakan sa lugar ng pagkuha at pagbayad ng mga kustomer (hal., mga mesa, mga doorknob o hawakan, mga mambabasa ng credit card) ay dini-disimpekta kada oras habang oras ng negosyo gamit ang mga pandismpekta na aprubado ng EPA.
- Ang mga puwesto ng trabaho at ang kabuuan ng pasilidad ay nililinis araw-araw, at ang mga banyo at mga bagay o lugar na madalas na mahawakan ay nililinis **oras-oras**.
- Ang mga oras ng tinging tindahan ay binago na upang magkaloob ng sapat na panahon para sa regular na masinsinang paglilinis at pag-lalagay ng produkto. Yugtong pag-lalagay nang sa gayon ang mga empleyado ay nasa magkakaibang pasilyo.
- Kung saan maaari, hikayatin ang paggamit ng mga debit o credit card ng mga kostumer, hikayatin ang mga kostumer na linisan nang madalas ang kanilang magagamit na mga supot, at atasan ang mga kostumer na nagdadala ng mga magagamit na mga supot na ilagay nila sa kanilang mga supot ang kanilang sariling mga pinamili.

- Ang mga silid ng sukatan (fitting rooms) na binuksan para sa paggamit ng mga kostumer ay sinusubaybayan ng kawani. Ang anumang kasuotan na sinubukang isuot ngunit hindi nabili ay itinatabi nang 24 na oras bago ibalik sa mga rack o istante.
- Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip sa mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
- Ang mga kustomer na dumarating sa tindahan kasama ang kanilang mga anak ay dapat na siguraduhin na ang kanilang mga anak ay palaging kasama ng kanilang mga magulang at iwasan na mahawakan ang ibang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari. Dapat na magsuot ng maskara ang kanilang mga anak kung pinahihintulutan ng kanilang edad.
- Ang in-store bars, mga opsyon ng bulk-bin at pagsasampling ng produkto ay inihinto na.
- Ang mga pinamili ng mga kustomer ay dapat nakabalot sa mga parsela o supot na kasama ang mga resibo.
- Ang mga kostumer ay pinaaalalahanan na hindi sila pahihintulutan na kumain o uminom habang nasa establisyemento.
- Kung saan maaari, ang mga aparatong hindi hinahawakan, kabilang ang mga motion sensor ilaw, walang kontak na sistema sa pagbabayad, awtomatikong dispenser ng sabon at tuwalyang papel at mga sistema ng timecard ay naikabit na.
- Ang mga panlinis ng kamay, tisyu, at tapunan ng basura ay dapat na magamit ng publiko o malapit sa pasukan ng pasilidad.
- Ang lahat ng portal sa pagbayad, mga panulat, at mga stylus ay dinisimpekta **oras-oras**.
- Opsyonal — Isalarawan ang iba pang hakbang (hal. Pagbibigay ng oras para sa mga nakatatandang mamamayan, pagbibigay insentibo sa mga benta sa panahong matumal):

D. MGA HAKBANG SA PAKIKIPAG-USAP SA PUBLIKO

- Ang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pampublikong pasukan papunta sa pasilidad.
- May karatula sa pasukan at/o kung saan ang mga kustomer ay nakapila para maipalam sa kanila ang mga opsyon at mga benepisyo ng paunang-order at paunang bayad.
- May karatula sa buong establisyemento na nagpapaalala sa mga kostumer na walang kainan o inuman sa loob.
- Ang mga online na sangay ng establisyemento (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa oras ng tindahan, mga kailangan na takip sa mukha,

mga patakaran tungkol sa paunang order, paunang bayad, pagkuha at/o paghahatid at iba pang kaugnay na usapin.

E. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PANTAY NA PAGKAKATAON SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Mga dedikadong oras sa pamimili ay pinasimulan para sa mga bulnerabling populasyon, kabilang ang mga nakatatanda at mga taong may kapansanan sa medikal na naitaguyod, kung naaangkop, mas mainam sa oras pagkatapos ng kumpletong paglilinis.
- Ang mga serbisyo na kritikal para sa mga kustomer o kliyente ay inuna.
- Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring i-alok nang malayuan at inilipat na online.
- Mga hakbang na ipinatupad para masigurado ang pagkakataon o akses sa mga pangangailangan o serbisyo para sa mga kustomer na may kahirapan sa pagkilos o may mataas na panganib kung nasa pampublikong lugar.

Ang anumang karagdagang hakbang na hindi nabanggit sa listahan sa itaas ay dapat na ilista sa hiwalay na pahina.

Dapat itong ilakip ng mga negosyo sa dokumentong ito.

Maaari mong makontak ang sumusunod na tao kung ikaw ay may katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

**Pangalan ng
Kontak ng
Negosyo:**

**Numero ng
Telepono:**

**Petsa ng
Huling Pag-
rebisa:**
